# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 12*
# *Pahayag Mga kabanata 11*
# *Ang Ikalawang Pagparito ni Cristo-Ang Kapighatian*

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang ating talakayan tungkol sa buhay sa kabilang-buhay at ang mga pangyayari sa ikalawang pagparito ni Cristo mula sa aklat ng Pahayag.

Sa ***Pahayag 11,*** sinasabi ang tungkol sa mga patotoo ni Cristo sa panahon ng kapighatian. Ating basahin at pagnilayan.

***"1 At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang panukat: at may isang nagsabi, Magtindig ka, at sukatin mo ang templo ng Dios, at ang dambana, at ang mga sumasamba doon.*** (Ang sugong anghel, ang pareho na sinalita natin sa ***Pahayag 10,*** na nagbigay kay Juan ng maliit na aklat, si Jesu Cristo ay dumating at sinabi kay Juan na tumindig upang sukatin ang Templo ng Dios. Sinabi sa kanya na sukatin ang dambana sa templo, at sa mga sumasamba sa Kanya na kasama ng Dios sa Langit gaya ng mababasa natin tungkol sa templong ito sa Langit sa talata 19, ***"At nabuksan ang templo ng Dios na nasa langit: at nakita sa kaniyang templo ang kaban ng kaniyang tipan; at nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at malaking granizo."*** Ang Templo ng Dios ay ang simbahan, at ang dambana ay ang mga sumasa Dios. Si Juan ay binigyan ng tambo ng parehong anghel, Ang ating Dios at ang Manlilikha ay si JesuCristo, na nag utos kay Juan na sukatin ng tambo ang templo ng Dios, ang Kanyang dambana at sila na sumasamba doon sa loob ng kapulungan. Ang mga iyan ay inilalarawan sa ibang dako bilang 24 na matatanda; sila ang Simbahan ng Dios na titipunin kasama ni Cristo sa himpapawid kapag si Cristo ay bababa mula sa Langit kapag ang anghel ay humihip ng pakakak ng Dios upang buhayin ang mga patay at ang mga buhay kay Cristo bago ang kapighatian, at gaya ng mababasa natin dito: ***"15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; 17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:15-18 KJV)*** Makinig bayan ng Dios; para sukatin ang templo ng may tambo ay hindi upang kunin ang sukat kundi sa halip ang tambo ay itinakda para sa Banal na Kasulatan na kung minsan ay tinatawag na patakaran, linya, o pamalo. Kaya si Juan ay tinawag upang sukatin kung gaanong kumikilos ang simbahan at nananatili sa Salita ng Dios. Kaya, at sa parehong paraan, ang babalang mensahe ngayuon ay para sa iyo upang suriin ang iyong sarili at tingnan kung gaano kaba tumatalima sa Salita ng Dios at sa Kanyang kalooban at layunin at gaano ang Salita ng Dios ay nabubuhay sa iyong pang araw-araw na paglakad kasama ng Dios.) ***2 At ang loobang nasa labas ng templo ay pabayaan mo, at huwag mong sukatin; sapagka't ibinigay sa mga Gentil; at kanilang yuyurakang apat na pu't dalawang buwan ang banal na siudad.*** (Dito sinabi ng sugong anghel kay Juan na huwag isali ang pagsukat niya sa labas ng templo dahil ito ay ibinigay para sa hindi mga mananampalataya ang mga gentil, na nasa lupa sa panahon ng kapighatian na yuyurak sa templo at sa banal na bayan para tatlo at kalahating taon, na bubuo sa unang kalahati ng panahon ng kapighatian, kapag si Cristo ay nilapastangan sa lupa gaya ng sinasabi dito, ***"sapagka't ibinigay sa mga Gentil; at kanilang yuyurakang apat na pu't dalawang buwan ang banal na siudad."***) ***3 At may ipagkakaloob ako sa aking dalawang saksi, at sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at anim na pung araw, na nararamtan ng magagaspang na kayo.*** Narito ang sugong anghel, si JesuCristo, ay ipinahayag kay Juan na bibigyan Niya ng kapangyarihan ang dalawang saksi upang ipahayag si Cristo sa panahon ng pinakamasaklap na bahagi ng kapighatian, ang pangalawang ikatatlo ng kalahating taon, sapagkat sa pangunahing punto ng kapighatian ay ang kapahayagan ni JesuCristo at kung sino Siya. Kahit gaano kalaki ang kasamaang gagawin ng mga hindi mananampalataya at kahit gaano man kalaki ang magiging hatol ng Dios, ngunit si Cristo ay ihahayag sa pamamagitan ng lahat ng mga dakila at kakila kilabot na mga bagay na mangyayari. Upang magarantiya na ang puntong ito ay ginawa, magkakaroon ng dalawang saksing iyon na patuloy na maghahayag kay Cristo. Samakatuwid, tayo ay mahihikayat dito, ay kung gaano kalaki ang ating pananagutan na ihayag si Cristo sa mga tao na nasa paligid natin at maging sa buong mundo. Narito ang anghel na si Cristo Mismo, na susuporta sa dalawang saksi sa Kanyang Salita na patuloy na ihayag ang mensahe. Ang pangunahing punto ay hindi pagdurusa, kamatayan, mga paglabag at kasamaan, kundi si Cristo ang pangunahing punto at upang ipahayag Siya ay ang pangunahing layunin kaya naman binigay Niya ang dalawang saksi ng Kanyang Salita. Pagmasdan nang sinabi ***"aking dalawang saksi"***, kung gayon ***"aking"*** tumutukoy sa sugong anghel na ito ang isa na tungkol sa mensahe, ay ang Cristo. Ilagay sa iyong isipan na ang dalawang saksi ay hindi si Enoc o si Elias gaya ng inaakala ng ilan na sila ay babalik. Ngunit ang pagiging dalawa ay ang na pinakamaliit na sapat na bilang upang magtatag ng isang saksi tulad ng mababasa natin dito, ***"Sa bibig ng dalawang saksi, o ng tatlong saksi ay papatayin ang dapat mamatay; sa bibig ng isang saksi ay hindi siya papatayin." (Deutronomio 17:6 KJV) "Ito ang ikatlo na ako'y paririyan sa inyo. Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita." (2 Corinto 13:1 KJV) 4 Ang mga ito'y ang dalawang punong***

***olibo at ang dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa.*** (Ang dalawang saksi ay kumakatawan sa ***"ang dalawang punong olibo"***, ay ang palatandaan na sila ay pinahiran ng Dios, at kumakatawan din ng ***"ang dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa"***, ay ang palatandaan na ibinibigay nila ang Salita ng buhay na sasalamin sa liwanag ng Dios sa buhay ng mga tao. Kaya ang kanilang pagpapatotoo ay magiging makapangyarihan at epektibo yamang sila ay binigyan ng kapangyarihan sa pagpapahid ng Banal na Espiritu at ng Salita ng Dios na magdadala ng kaliwanagan, kaligtasan at tunay na buhay.) ***5 At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, at lumalamon sa kanilang mga kaaway; at kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay kailangan ang mamatay sa ganitong paraan.*** (Ang yaong mananakit sa kanila ay ipapahamak ang kanilang sarili at papatayin ng mensahe na nagmumula sa kanilang bibig. Ang Salita ng Dios ay makapangyarihan. Ito ay magbibigay buhay sa mga maniniwala at susunod, at magdadala ng paghatol ng Dios at kamatayan sa mga maghihimagsik; na ang mga susubok na saktan sila sila'y mapapasa parehong paraan na mamatay. Samakatuwid, magkaroon tayo ng lakas ng loob sapagkat kailangan nating patuloy na ipangaral ang Salita ng Dios at ipahayag ito na ang mga naniniwala at sumusunod ay maliligtas at ang mga naghihimagsik ay malilipol.) ***6 Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit, upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula: at may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain.*** (Ang mga saksi ay magkakaroon ng kapangyarihan upang tuparin ang kanilang mensahe ni Cristo; sila'y magiging makapangyarihan upang pigilan ang ulan mula sa Langit sa panahon ng kanilang pagpopresiya at pangangaral, ang katulad ng ginawa ni Elias. Sila'y may kapangyarihan na maging dugo ang tubig at pahirapan ang lupain ng mga salot gaya ng ginawa ni Moises, na nagdulot ng mga pagkawasak at karamdaman tulad ng ginawa ni Moises bilang pagpapakita ng paghatol ng Dios; at ang gayon ay magiging mas kaagad at nalalapit ang panahon ng kapighatian. ***7At pagka natapos nila ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon mula sa kalaliman ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila, at sila'y papatayin.*** (Matapos ang mensahe ng dalawang mga saksi ay maipangaral at natapos, pagkatapos ang kanilang mga patotoo ay maitatag at makilala, kasama ang lahat ng paghatol ng Dios na ibinigay, kung gayon ang hayop na lumabas sa impiyerno ay makikipagdigma laban sa kanila at papatayin sila. Lumabas ang hayop na iyon mula sa pinakailalim ng hukay nang buksan ito ng ikalimang anghel: ***"1 At humihip ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit: at sa kaniya'y ibinigay ang susi ng hukay ng kalaliman. 2 At binuksan niya ang balon ng kalaliman; at napailanglang ang usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking lutuang-bakal; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay." (Pahayag 9:1-2 KJV) 8 At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan ng malaking bayan, na ayon sa espiritu ay tinatawag na Sodoma at Egipto, na doon din naman ipinako sa krus ang Panginoon nila.*** (Ang dalawang saksi ay pinatay sa Jerusalem dahil binanggit dito sa parehong bayan na si Jesus ay namatay, ***" na doon din naman ipinako sa krus ang Panginoon nila."*** Dito ang Jerusalem ay tinawag ding Sodoma at Egipto dahil ang bayan ng Dios na naninirahan sa Jerusalem, ang mga tao sa simbahan ngayon, ay naging masama ang kanilang mga buhay at pamamaraan ay naging katulad sa kanilang kabuktutan at imoralidad sa Sodoma na mga homosexualidad, at katulad sa makamundo at sumasamba sa dios-diosan mga bagay na labag sa Dios.) ***9 At ang mga tao mula sa gitna ng mga bayan at mga angkan at mga wika at mga bansa, ay nanonood sa kanilang mga bangkay na tatlong araw at kalahati, at hindi itutulot na ang kanilang mga bangkay ay malibing.*** (Kinamuhian nila ang kanilang katawan dahil sila'y nasaktan sa pamamagitan ng Salita ni Jesus na ipinangaral at ipinahayag ang paghatol ng Dios sa kanila sa pamamagitan ng dalawang saksing ito. Samakatuwid sila'y tumangging ilibing ang mga ito, ngunit iyon ay babalik din para sa kanilang ikabubuti dahil sa huli sila ay mabubuhay na mag uli.***10 At ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa ay mangagagalak tungkol sa kanila, at mangatutuwa; at sila'y mangagpapadalahan ng mga kaloob; sapagka't ang dalawang propetang ito ay nagpahirap sa nangananahan sa ibabaw ng lupa.*** (Magagalak ang mga tao sa kanilang patay na mga katawan dahil sila'y nasaktan sa pamamagitan ng Salita ng Dios na nagmula sa kanilang mga bibig at naging dahilan ng paghatol ng Dios upang dalhin sa kanila, Ang Salita ng Dios ay masakit, at gagambala sa mga hindi handang magsisi. Samakatuwid kailangan nating maging handa para sa pag uusig kapag ipinapangaral natin ang evangelio.) ***11 At pagkatapos ng tatlong araw at kalahati, ang hininga ng buhay na mula sa Dios ay pumasok sa kanila, at sila'y nangagsitindig; at dinatnan ng malaking takot ang mga nakakita sa kanila.*** (Pagkatapos ng tatlo at kalahating araw ay dumating, sa pamamagitan ng espiritu ng buhay na nagmula sa Dios upang bigyan sila ng buhay, at ang mga saksi ay mabubuhay pagkatapos ng katulad ng pagkabuhay ni Cristo bilang isang tunay na saksi ni Cristo.) ***12 At narinig nila ang isang malakas na tinig na nagsasabi sa kanila, Umakyat kayo rito. At sila'y umakyat sa langit sa isang alapaap; at pinagmasdan sila ng kanilang mga kaaway.*** (Ang kanilang pagkabuhay ay nagmula sa tinig mula sa Langit, at ang mga kaaway ng dalawang mga saksi ay makikita silang aakyat. Pagkatapos nilang mabuhay, sila'y aakyat sa Langit bilang tinawag sila upag umakyat sa Langit nang may malakas na tinig, ***"Umakyat kayo rito"***, Ang kanilang pag akyat ay isang pahayag para magdala ng pansin sa lahat ng mga taong nakapalibot sa kanila. Posibleng ang gayong katulad ng pag akyat para sa dalawang saksi, ay hinayaan ng Dios na maganap bilang paraan upang mag ebanghelyo at ipakita ang Kanyang mga pangako ay totoo at magbigay ng pag asa kahit sa mas masahol na makasalanan, na maaaring magsisi at lumapit sa Dios sa panahon ng kapighatian. Sa ganoong paraan maging ang kanilang mga kaaway na laban sa dalawang saksing iyon ay maaaring magbalik loob pa kapag nakita nila ang katulad ng kanilang pag akyat sa Langit. Marahil ang huwarang iyon ng pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit, ay katulad ng kay

Cristo, sa mga mamamatay bilang mga banal sa panahong ito ng kapighatian; karamihan siguro ay susundan dahil naganap na ang rapture at ang mga banal ay tinipon kasama ng Panginoon. ***13 At nang oras na yaon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol, at nagiba ang ikasangpung bahagi ng bayan; at may nangamatay sa lindol na pitong libo katao: at ang mga iba ay nangatatakot, at nangagbigay ng kaluwalhatian sa Dios ng langit. 14 Nakaraan na ang ikalawang Pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang ikatlong Pagkaaba.*** (Sa pag akyat ng dalawang saksi ay magaganap ang isang malakas na lindol na magdadala ng pagkawasak at kamatayan para sa ikasampung bahagi ng lungsod, at dahil dito pitong libong kalalakihan ang mamamatay, na nag uudyok ng takot at ang pagsamba kay Cristo ng ilang mga magbabalik loob kay Cristo. Ang pangyayaring iyon ang pangalawang kapighatian at magiging hudyat ng mas mabilis na paghatol na darating patungo sa katapusan ng kapighatian, gaya ng mababasa natin ***"Nakaraan na ang ikalawang Pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang ikatlong Pagkaaba"***. Ang pag akyat ng dalawang mga saksi na may malaking tinig na anunsyo ay nagpapahayag din ang gantimpala ng Dios sa mga naglingkod sa Kanya, Habang ang lindol at ang pagkamatay ng pitong libo ay inihayag ang paghatol ng Dios sa mga namumuhi sa Dios at namumuhi sa mga naglingkod sa Kanya. Ngunit ang pagsasama pa rin ng dalawang pangyayaring ito, ang sa publiko pag akyat ng dalawang saksi at ang lindol ay isang malalim na mensahe upang handa ang mga tao na lumapit sa Dios sa pagsisisi. Ang pagsasama ng dalawang pangyayaring ito ay hindi makakalimutang karanasan na hindi madaling mabubura sa isipan ng mga tao, at maghahanda sa maraming tao na lumapit sa Dios. Kahit para sa atin ngayon, kailangan nating maunawaan na kahit na masama ang pakikitungo sa atin at inuusig pa rin nais ng Panginoon na patawarin natin ang mga tao, at magkaroon pa rin ng puso na maglingkod sa kanila at sabihin sa kanila ang tungkol kay Jesus. Kailangan nating magtiis sa panahon ng mga pagsubok at kapighatian at hayaan ang Dios na gumawa sa pamamagitan ng ating mga pagdurusa upang dalhin ang Kanyang kaligtasan sa buong sangkatauhan. At iyan ang dahilan kung bakit tinawag ni Jesus ang dalawang saksing ito na gayon sa talata 4: ***Ang mga ito'y ang dalawang punong olibo at ang dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa.*** Ang dalawang mga saksi ay nagbibigay buhay at pinahiran ng ***ang dalawang punong olibo"***; ay ang palatandaan na sila'y pinahiran ng Dios. Sila'y sumasalamin sa Dios bilang liwanag, kumakatawan sa ***"dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa"***, sa pagbibigay ng Salita ng Dios sa buhay ng mga tao. Sila ang bilang mga kandelero sa Lumang Tipan at gaya ng sinabi ni Jesus sa Bagong Tipan, ***"Ikaw ay ang liwanag ng sanglibutan."*** Samakatuwid ang kanilang patotoo ay magiging makapangyarihan at epektibo. Ang ating patotoo sa sanglibutan, sa mga naliligaw, sa mga sumasalungat sa atin, sa mga namumuhi sa atin ay magiging isang hindi makakalimutang alaala para sa kanila. Magiging totoo ito kapag handa nating ibigay nang lubusan ang mensahe, ang buhay na nagbibigay ng mensahe, at sumasalamin sa liwanag ng Dios sa pamamagitan ng ating pagtitiis na mangaral at magpatotoo tungkol sa Kanya, at kapag handa tayong dumaan sa mahirap na pag uusig na hahayaan ng Dios na maganap sa ating buhay.) ***15 At humihip ang ikapitong anghel; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, at nagsasabi, Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo: at siya'y maghahari magpakailan kailan man.*** (Narito ang ikapitong sugong anghel ay hinipan ang pakapak, ang parehong Siya ang ating Panginoong Jesus na binasa natin sa ***Pahayag 10, "1 At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap; at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy;"*** Dito magsisimula ang huling yugto ng kapighatian. Sa yugtong ito ang Kaharian ni Cristo ay maghahari gaya ng ipinapahayag sa naturang ***"Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo: at siya'y maghahari magpakailan kailan man"***, at sa huli ay magiging sanhi ng pagbagsak ng lahat ng kaharian sa mundo bilang paghahanda sa paglipat sa Bagong Langit at Bagong Lupa, tulad ng mababasa natin sa ***Pahayag 21*** at ***22.*** Ang mga gawa ng dalawang mga saksi, sa pangangaral ng Salita ng Dios nang walang takot, sa paglilinaw nito kung ano ang nararapat, at ang kanilang kahandaan na ipasa ang kaloooban ng Dios sa mga bansa sa mundo sa kung ano ang ipinapahayag ng Salita ng Dios, at sa huli ang kanilang kahandaang usigin ay magbibigay daan para sa Kaharian ng Dios na sumulong kahit sa pinakamapanganib na panahon sa panahon ng kapighatian. Katulad sa gagawa ng mga iyon, ang ginawa nina Pablo at Silas; binaligtad nila ang mundo, sa kanilang ministeryo ng pangangaral ng Evanghelyo gaya ng mababasa natin dito: ***"1 Pagkatahak nga nila sa Amfipolis at sa Apolonia, ay nagsirating sila sa Tesalonica, na kinaroroonan ng isang sinagoga ng mga Judio. 2 At si Pablo, ayon sa ugali niya ay pumasok sa kanila, at sa tatlong sabbath ay nangatuwiran sa kanila sa mga kasulatan, 3 Na binubuksan at pinatunayan na kinakailangang si Cristo ay maghirap, at muling mabuhay sa mga patay; at itong si Jesus, aniya, na aking ipinangangaral sa inyo, ay siyang Cristo. 4 At nangahikayat ang ilan sa kanila, at nakikampi kay Pablo at kay Silas; at gayon din ang lubhang maraming mga Griegong masisipag sa kabanalan, at hindi kakaunting mga babaing mararangal. 5 Datapuwa't ang mga Judio, palibhasa'y nangaudyokan ng inggit, ay nangagsama ng ilang masasamang tao sa pamilihan, at pagkatipon ng isang karamihan, ay ginulo ang bayan; at pagkalusob sa bahay ni Jason, ay pinagsikapan nilang sila'y iharap sa mga tao. 6 At nang hindi sila mangasumpungan, ay kanilang kinaladkad si Jason at ang ilang kapatid sa harap ng mga punong bayan, na ipinagsisigawan, Itong mga nagsisipagtiwarik ng sanglibutan, ay nagsiparito rin naman;" (Mga Gawa 17:1-6 KJV)*** Si Pablo at si Silas ay pumunta sa lungsod ng Tesalonica at ipinangaral ang mabuting balita sa kanila. Ang misyon sa lungsod na iyon ay mabunga at naipanalo nila ang mga kaluluwa para kay Cristo. Sa kanilang pag aani sa lunsod, pinukaw din ni Satanas ang mga naiinggit na Judio laban sa kanila. Ang ebanghelismo ay ang pagbato sa kuta ng diablo at pagsalakay sa teritoryo nito at

paglabas sa mga tao mula sa kamay nito patungo sa Kaharian ng liwanag. Nang magpakita ang Panginoon kay Saul, inatasan Niya siya sa ganitong paraan. ***"16 Datapuwa't magbangon ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa: sapagka't dahil dito'y napakita ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa akin, at ng mga bagay na pagpapakitaan ko sa iyo; 17 Na ililigtas kita sa bayan, at sa mga Gentil, na sa kanila'y sinusugo kita, 18 Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin." (Mga Gawa 26:16-18 KJV)*** Ang misyon ni Pablo bilang inutusan siya ni Jesus ay ***"upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios."*** Kailangan din nating gawin ang katulad, nais ng Dios sa atin na baligtarin ang sanglibutan, Ang ating misyon bilang Simbahan ng Dios ay pareho, upang baligtarin ang mundo tulad ng ginawa ng dalawang saksing ito sa aklat ng Pahayag. Ang pagbaligtad ng mundo ay pagbubunyag ng kasalanan at pagsasabi ng totoo sa paraang dapat sabihin. Ang pagbaligtad ng mundo ay pagtigil sa pagpapapuri sa mga tao at pagtigil sa paglagay ng make up sa ibabaw ng kamunduhan at katiwalian. Ang pagbaligtad ng mundo ay ang ipangaral ang Salita hanggang sa tiyak na may mga taong naiinis sa atin; hanggang sa puntong magbabalak sila laban sa atin. Ang pagbaligtad ng mundo ay pagtigil sa mga kompromiso at layunin na mapasaya ang Dios at hindi ang tao. Ang pagbaligtad sa mundo ay kailangan nating makilala bilang mga kilalang tao at mga gumagawa ng problema ng mga malalaswang tao sa mundong ito. Ang pagbaligtad ng mundo ay makilala ang isang pangyayari na kailangan tayong ipadala sa ibang lugar pagkatapos nating magawa sa partikular na lugar o grupong iyon. Ang pagbaligtad ng mundo ay paglipat sa mga bagong lugar kung saan hindi ipinangaral si Jesus at hindi pa itinuturo ng Salita ng Dios. Ang pagbaligtad ng mundo ay ang pagsisimula mula sa simula upang pukawin at gambalain ang pundasyon ni Satanas, upang palayain ang mga tao at buksan ang kanilang mga mata at ibalik sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag. Kung nais nating makita ang Pentecostes na may mahimalang pagpapagaling, ang mga tumor ay nawala, ang mga bulag ay nakakakita, ang paralitiko ay lalakad, ang mga tao ay bubuhayin mula sa kamatayan, kung gayon kailangan magkaroon ng mga taong mamumuhi sa atin at pukawin ang mga awtoridad laban sa atin dahil sinabi natin ang katotohanan, inilantad ang mga kasalanan, at ginulo ang pundasyon ni Satanas, sapagkat iyon ang paraan upang baligtarin ang mundo. Ang baligtarin ang mundo ay ang daan at pamamaraan upang ipangaral ang evanghelyo at hayaang marinig ng lahat ang katotohanan.) ***16 At ang dalawangpu't apat na matatanda na nakaupo sa kanikaniyang luklukan sa harapan ng Dios ay nangagpatirapa, at nangagsisamba sa Dios.*** (Ang 24 na matatanda, ang Simbahan ng Dios, sa Langit sa harap ng Dios ay sasamba sa Kanya sa pagpapahayag na ang mga kaharian ng sanlibutang ito ay naging mga kaharian ng ating Panginoon, at ng kanyang Cristo; at siya ay maghahari magpakailanman at walang katapusan.) ***17 Na nangagsasabi, Pinasasalamatan ka namin, Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat, na ikaw ngayon, at naging ikaw nang nakaraan; sapagka't hinawakan mo ang iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari.*** (Sila'y sasamba sa Kanya sa pagpapasalamat at pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa Kanya at sa Kanyang dakilang kapangyarihan at maghari sa buong bansa. Kanyang katotohanan tungkol tungkol sa Kanya at sa Kanyang dakilang kapangyarihan at magharo sa buong bansa. Sa parehong paraan, pagpapasalamat sa Dios at pagpapahayag ng tungkol sa Kanya at sa Kanyang dakilang kapangyarihan sa kalagitnaan ng mga pagsubok at kapighatian ay nangangahulugang handang magdusa para sa Dios at makikita natin ang paparating na tagumpay sa pamamagitan ni Cristo Jessu na ating Panginoon at ng Kanyang dakilang kapangyarihan na siyang maghahari sa Kanya sa lahat ng bansa at kaharian sa lupa.) ***18 At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa.*** Ipinapahayag ng simbahan dito ang sumusunod: *Una*, nagpapahayag ng pasasalamat sa ***Pagsasabing, Pinasasalamatan ka naming"***, *Ikalawa*, nagpapahayag ng dakilang kapangyarihan sa pagsasabi, ***"Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat, na ikaw ngayon,*** ang katulad sa sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, na ang lahat ng kapangyarihan sa Langit at sa lupa ay ibinigay sa Kanya gaya ng mababasa natin dito, ***"At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin." (Mateo 28:18 KJV)*** *Ikatlo*, nagpapahayag na Siya ang simula at ang wakas sa pagsasabi, ***"at naging ikaw nang nakaraan;*** *Ikaapat*, nagpapahayag na Siya ang may kapangyarihan sa pagsasabi, ***"sapagka't hinawakan mo ang iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari"***. *Ikalima*, pagpapahayag ng galit ng mga bansa ay walang katulad sa Kanyang poot sa pagsasabi, ***"At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot,"*** *Ikaanim*, nagpapahayag na dadalhin Niya ang buong sangkatauhan sa paghatol sa pagsasabing, ***"at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan,*** *Ikapito*, nagpapahayag na gagantimpaalaan Niya ang Kanyang mga lingkod sa pagsasabing, ***"at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki;*** *Ikawalo*, nagpapahayag na lilipulin Niya ang mga maninira na hindi naglilingkod sa Kanya sa pagsasabing ***"at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak sa lupa."*** Tandaan: Ang mga lingkod ng Dios ay yaong mga mabuting katiwala para sa mga yaman ng lupa, samantalang ang mga hindi mabuting katiwala para sa mga yaman ng lupa at ang mga nagsasayang nito ay hindi mga lingkod ng lupa kundi mga maninira ng lupa.) ***19At nabuksan ang templo ng Dios na nasa langit: at nakita sa kaniyang templo ang kaban ng kaniyang tipan; at nagkaroon ng mga***

***kidlat, at mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at malaking granizo."*** (Ang templo sa Langit, ang simbahan, na unang nakita sa talata 1 ay binuksan dito upang ihayag ang kaban ng Kanyang Tipan, ang tipan ng Dios sa Kanyang mga lingkod, ang mga banal, sa pamamagitan ng Kanyang Salita na inilagay Niya sa Bibliya. Ang kapangyarihan at kapangyarihan ng Tipang ito ay makikita sa pamamagitan ng mga kidlat, kulog, lindol at malaking yelo na nagpapahayag ng mga paghatol ng Dios sa mga naghimagsik.) ***(Pahayag 11:1-19 KJV)*** Katulad ito ng nangyari nang bumaba ang Panginoon sa Bundok Sinai, at ang simbahan dito ay umaawit, nagsasaya at nagbibigkas ng lahat ng tinalakay sa itaas na inilalapat natin ngayon at sinusunod sa ating buhay, sa ating pagsamba at paglilingkod sa Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Dumating ang panahon ngayon upang magpasalamat sa Dios sa pamamagitan ng kapangyarihang ito na natanggap natin mula sa Kanyang Salita, at lahat ng mabubuting patnubay na ibinibigay sa atin ng Kanyang Salita upang mamuhay nang matagumpay na malayo sa mga kasalanan, at maglingkod sa Kanya nang buong tapang at walang takot, nagtitiwala sa Kanya na tutulungan niya tayo, susuportahan at palalakasin laban sa lahat ng kapangyarihan ng kadiliman na maaaring sumasalungat sa atin sa paglaban sa ating paglilingkod at ministeryo sa Dios.
Ipahayag natin sa pamamagitan ng pananampalataya ang Kanyang Salita, baligtarin natin ang mundo, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng katotohanan at pagtalikod sa lahat ng mga kompromiso at takot ng mga tao, nang buong tiwala sa Kanya na tutuparin Niya ang Kanyang Salita at lahat ng Kanyang mga pangako kapag itinaas natin ang Kanyang pangalan sa kaitaasan.

Tayo ay manalangin…

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggang. Panginoon salamat para sa pagpapalakas na tinanggap ko ngayon mila sa iyong Salita at sa lahat ng mga dakilang pangako na tinanggap ko mula sa mensaheng ito.*

*Panginoon kinamumuhian ko at tinatalikdan na mamuhay sa kasalanan. Tanatalikdan ko ang takot sa tao, pagdududa, katamaran, kasamaan, at pakikipagkompromiso. Tinatalikdan ko ang kamunduhan, ang masamang pangangasiwa at pagsasayang ng mga mapagkukunan. Tinatalikdan ko ang pagsisinungaling, imoralidad, pagtsitsismis, at pagsasayang ng oras sa Media, sa mga laro, at balita. Tinatalikdan ko ang kawalan ng pagseserbisyo at kawalang kahandaang mag evangelio at mangaral ng iyong Salita at magdusa para sa iyong pangalan. Panginoon patawarin mo ako sa lahat ng sumusunod na mga kasalanan ________________*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa Salita na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maging isang mabuting patotoo sa iyo sa buhay at mga gawa. Panginoon puspusin mong muli ako ng iyong Banal na Espiritu at bigyan ako ng espirituwal na mga kaloob na kailangan kong sumulong, at ipangaral ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad. Panginoon Ako'y nagtitiwala sa iyo na poprotektahan mo ako at magbibigay ng lahat ng aking pangangailangan. Panginoon patnubayan mo ako ng iyong Banal na Espiritu sa mabuting plano na mayroon ka sa akin upang tuparin ang iyong kalooban sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at ipinangako ko ang kanilang buhay na mamuhay nang matagumpay sa iyo. Panginoon gamitin mo sila nang buong lakas upang ipahayag ang iyong Salita at ang iyong kalooban. Panginoon protektahan mo sila sa lahat ng pag uusig at maglaan ka para sa kanila upang patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon ipinangako namin sa iyo bilang isang simbahan na ibaligtad ang sanglibutan sa hindi pakikipagkompromisong mensahe at sa pagpapahayag ng iyong Salita at ng iyong kalooban sa mga bansang nakapalibot sa amin.*

***Pinasasalamatan ka namin, Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat, na ikaw ngayon, at naging ikaw nang nakaraan; sapagka't hinawakan mo ang iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari. At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa.***

*Panginoon paging dapatin kami bilang isang simbahan upang maabot ang mga bagong tao ang evanghelyo ni Jesus at gumawa ng mga bagong disipulo. Panginoon patnubayan kami na sanayin ang mga bagong manggagawa at magtanim ng mga bagong mga pag aaral ng Bibliya at bagong kongregasyon para sa*

*simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 12. Pahayag Kabanata 11. Ikalawang Pagparito ni Cristo - ang Kapighatian. Pahayag 11:1-19. 1 Tesalonica 4:15-18. Deuteronomio 17:6. 2 Corinto 13:1. Pahayag 9:1-2. Pahayag 10:1. Mga Gawa 17:1-6. Mga Gawa 26:16-18. Mateo 28:18.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com